**MEDIA INTERVIEW IN KORONADAL CITY**
May 24, 2024

**REPORTER:** Magandang umaga po, Mr. President. Good morning po! Paano po ba matitiyak na karapat-dapat na mabigyan ang mga benepisyaryo ng CLOA at e-title sa DAR?

[00:00:12]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Dahil iyong mga qualified na beneficiary ay matagal na nasa amin iyong listahan. Hindi lang talaga nagawa iyong pagbigay ng titulo.

Ang nangyari, nagbigay ang --- nagbigay ang gobyerno noong nakaraang admin --- noong panahon pa yata ni FVR, nagbigay ng tinatawag na consolidated CLOA. Iyon lamang iyong sa consolidated CLOA maraming may-ari ng lupa. Hindi nila alam kung saan iyong kanilang isasaka na lupa. Kaya't nagkakagulo, hindi nila matrabaho nang mabuti.

Ito, iyong titulo maliwanag na kung ano ang survey, kung saan ang area, kung saan ang bawat may pag-aari ng bawat beneficiary.

Kaya't makaka... Iyong mga --- sa qualification, matagal nang nasa amin iyong listahan, ngayon pa lang namin gagawin, aayusin lahat ng titulo para lahat ng beneficiary ay alam nila kung alin, nasaan, gaano kalaki ang kanilang lupa at kung ano iyong isasaka nila. Kaya't iyan ang aming ginagawa namin ngayon.

[00:01:24]
So, palagay ko patuloy lang ito, tuloy-tuloy lang ang aming gagawing ito para matapos ito na lahat ng beneficiary na dapat nabigyan ng titulo ay mabigyan bago matapos ang aking term.

**REPORTER:** Good morning, Mr. President.

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Good morning!

**REPORTER:** Ang katanungan ko po: Ano pa po ang mga programa ng gobyerno ang naka-plano po para umangat po ang pamumuhay ng mga magsasaka po, Mr. President?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Mahaba-habang tanong, mahaba-habang sagot iyan.

Marami tayong ginagawa. Siyempre, pareho sa production side, pinapaganda natin ang produksyon natin, naghahanap tayo ng mga bagong varieties para mas matibay na hindi masyadong maapektuhan ng mga bagyo, number one.

Pangalawa, iyong PhilMech binibigyan natin ng makinarya ang ating mga magsasaka para iyong mga processing ay nasa kanila na. At ang paglabas hindi sila nagbebenta ng palay kung hindi bigas na para lahat iyong kita hindi mapunta sa trader, sa middleman, mapunta talaga sa magsasaka.

Tapos, iyong bagong ginawa natin ay iyong inaamyendahan natin iyong RTL, iyong Rice Tariffication Law. Ito'y ginawa natin para ma-control natin iyong presyo ng bigas dahil masyadong mabilis tumaas ang presyo ng bigas.

Kaya't kung pagbibigyan tayo ng ating Kongreso na makapag-import na, makikipagsabayan… Ito naman talaga ang unang --- kung bakit itinayo ang NFA.

Itinayo ang NFA para ayusin ang presyo, price stabilization. Kapag nag-aani, mababa ang presyo ng bigas, bumibili ang NFA para hindi naman masyadong mababa ang presyo ng bigas. Kapag naman tagtuyot o talagang pag summer, walang ani, magbibitaw sila ng supply para hindi naman tumaas masyado. Iyon ang gagawin natin ngayon.

[00:03:35]
So, para sa consumer, iyon ang ating ginagawa. At inaayos natin iyong mga pwerto, inaayos natin ang mga FMR, inaayos natin lahat para maging

mas madali at mas mura ang pag-transport ng produkto hindi lamang bigas kung hindi lahat ng produkto ng ating mga magsasaka at saka mangingisda.

So, kailangang buuhin iyong sistema.  Noong kampanya, pinag-uusapan ko iyong value chain ng agrikultura.  Iyan ang ginagawa natin ngayon. Binubuo natin, malakas ang production, palalakasin natin ang production bibigyan natin ng makinarya ang mga farmers, bibigyan natin sila ng market intelligence, pati technical information ibibigay natin.

Mayroon tayong tulong sa fertilizer, mayroon tayong tulong sa pesticide, mayroon tayong tulong pagka nabagyo, mayroon naman nakahanda rin tayo para magbigay ng ayuda, magbigay ng AICS.

Iyan po ay…  Hanggang --- from the farm…  Iyong talagang farm-to-market. Hanggang market sana ang… Lahat ng kinikita sa bawat hakbang na papunta sa merkado, ang bigas at saka ang produkto ng agrikultura ay lahat ng kita na iyon mapupunta sa farmer kaya't iyan ang aming ginagawa. Kaya iyong value chain nga ang aming binubuo.

**REPORTER:** Paano po natin, Pangulo, masiguro na ang lupang ipamimigay ay hindi isasangla o ibebenta?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Paki-ulit.

**REPORTER:** Paano po natin masiguro na ang lupang ipinamigay ay hindi isasangla or ibebenta at magagamit para sa kabuhayan ng magsasaka?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Well, hindi sila --- hindi nila pwedeng ipagbili at hindi natin --- hindi nila naman gustong ipagbili iyan.

Ang naging lesson ng unang pagpasok ng agrarian reform, hindi sapat na magbibigay ka ng titulo kasi wala naman, wala naman siyang --- hindi siya marunong mangutang, wala siyang pang-production loan, hindi siya marunong kumuha, walang perang bumili ng binhi, walang perang pambili ng fertilizer, ng lahat ng inputs.

[00:05:52]
Kaya naman, sinasabi balik na lang natin doon sa dating may-ari.  Balik tayo sa dating sistema.

Kaya naman, ang programa ng DAR ay hindi lamang nagbibigay ng titulo. Natuto na tayo.  Kung titingnan ninyo, ang programa, patuloy ang suporta.

Suporta sa pamamagitan ng mga makinarya, suporta sa pamamagitan ng technical services, suporta sa pag-monitor at lahat ng support services ay gagawin pa rin ng Department of Agrarian Reform para sa mga beneficiary.

Kasama na diyan siyempre ang DA. Marami silang programa. Maraming programa ang DA para maging successful, maging matagumpay naman ang pagsasaka nila ng kanilang bagong lupa na may hawak na sila ngayon na titulo.

**REPORTER:** Good morning!

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Good morning.

**REPORTER:** Good morning po, Mr. President. Mr. President, napansin namin na kayo po mismo iyong lumalapit sa mga tao. Sa pag-iikot-ikot niyo po Mr. President, may nakikita po ba kayo na dapat pang ayusin?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Marami. Marami pa ang dapat ayusin. Iyon na nga, iyong halimbawa iyong sa supply chain, kailangan ayusin. Iyong transport cost kailangan nating ibaba, kasama diyan hindi lamang iyong FMR, pati na iyong mga ports, agricultural ports kasi napakamahal. At saka iyong mga cold storage, 'yun iyong mga --- para hindi naman masira iyong isda, hindi masira iyong mga ibang produkto na inaani ng ating mga magsasaka.

Kaya't mayroon --- marami pa rin tayong kailangang gawin. We have to fix the supply chain para sa farmer at kailangan din natin na ipagsama ang private sector at saka iyong gobyerno kasi ang private sector, iyong contract farmin, maganda rin iyon pagka magkaroon ng contract farming.

So, isa iyon, parang kasama na iyon sa sagot na tinanong kanina na iyong pag may kontrata siya ng contract farming, hindi talaga niya ipagbibili iyong lupa at gagamitin talaga nila dahil may kita sila, mayroon silang hanapbuhay.

BAGONG PILIPINAS

[00:08:16]
So, parang nalusaw lahat ng sistemang ito for the last many years. Kaya kailangang buuhin uli natin.

**REPORTER:** Sir, unahin ko po muna si Secretary Estrella.

Sir, gaano tayo ka --- are we sure na matatapos natin ang pamamahagi ng lupa before the end of term ni President Marcos?

**DAR SECRETARY CONRADO ESTRELLA III:** Susundin namin lahat ng utos ng Presidente. At sa tingin ko dahil --- iba ito. Kasi itong programang ito talagang nandiyan sa likod namin ng ating Pangulo. Kaya magagawa natin 'to. Ma-i-di-distribute natin 'to.

Kung hindi kaya ng mga mga register of deeds ng Bangko Sentral ng Pilipinas na mag-print ng mga titulo, i-outsource natin ito. Basta kailangan bago bumaba ang ating Pangulo, iyong utos niya. Gusto ko iyong isang milyon na titulo maipamahagi lahat 'yan bago tayo bumaba. Kaya ang lalim na ng mata ko. Hindi na ako nakakatulog.

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Hindi na bale, [chuckles] pagkatapos pwede na tayo --- saka tayo pwede magpahinga. Pero saka na iyan.

Talagang pipilitin natin. Siyempre ang ambisyon ko talaga matapos sa term ko. Pero hindi ito titigil hanggang talagang matapos lahat ng beneficiary na qualified mabibigyan ng titulo. Kahit na wala na ako, titiyakin natin na patuloy pa rin ang programa na pagbigay ng titulo.

All right. Maraming salamat. Thank you!
[00:10:00]

***

BAGONG PILIPINAS